



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA – 93 KARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA – 11
SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG
MAYO 20, 2024, IKA – 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG
BAYAN

Mga Dumalo:

Acting Municipal Vice Mayor Robert S. Quiatchon	- Tagapangulo
Konsehal John John S. Yason	- Miyembro
Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konsehal Juan Rafael M. Talens	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Veil Charlleo B. Cusi	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- MSKF President

Hindi Nakadalo:

Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo ng Liga ng mga Barangay
-----------------------------	-----------------------------------

KAPASYAHAN BLG. 517

Taong 2024

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA
NAULILA NG NAGING KAWANI NG PAMAHALAANG
BAYAN NG ROXAS AT KAGAWAD NG BARANGAY SAN
ISIDRO, ROXAS, ORIENTAL MINDORO, KGG. EDERLINDA
C. FAINA

SAPAGKAT, si Kgg. Ederlinda C. Faina ay ng Barangay San Isidro ay sumakabilang
buhay noong Mayo 18, 2024;

SAPAGKAT, si Kgg. Ederlinda C. Faina ay naglingkod bilang kawani ng Pamahalaang
Bayan mula Enero 2, 2020 hanggang Setyembre 6, 2023;

SAPAGKAT, siya ay nanungkulan bilang Kagawad ng Barangay San Isidro mula taong
2007 hanggang 2018 at mula Nobyembre 30, 2023 hanggang Mayo 18,
2024;

SAPAGKAT, bilang Kagawad at dating kawani ng Pamahalaang Bayan ay naipagkaloob
niya ang isang wagas, tapat at dalisay na panunungkulan upang maisaayos at
maitaas ang antas ng pamumuhay ng ating mga kababayan;

SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang pamamalagi sa daigdig na ito, ipinakita niya ang
pagsisikap na maging isang mabuting lingkod-bayan, responsableng asawa
at ina ng kanyang mga anak, tapat at mabait na kaibigan sa kanyang mga
kasama sa paglilingkod sa pamahalaan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro sampu ng mga
namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay lubos na nakikiramay
sa mga naulila ng dating kawani ng Pamahalaang Bayan at Kagawad ng
Barangay San Isidro, Kgg. Ederlinda C. Faina.

ROBERT S. QUIATCHON

FERDINAND V. TALENS, MPA


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Juan Rafael M. Talens at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASIYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng pumanaw na naging kawani ng Pamahalaang Bayan at Kagawad ng Barangay San Isidro, Kgg. Ederlinda C. Faina, ang taupusong pakikiramay ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng yumaong Kgg. Ederlinda C. Faina lakip ang taupusong pakikiramay.

PINAGTIBAY: Mayo 20, 2024

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


ROBERT S. QUIATCHON
Acting Municipal Vice Mayor

